



KASUNDUAN SA KUMPIDENSIYALIDAD AT DI-PAGBUBUNYAG

Ako, si _____, Filipino, nasa legal na gulang, at
(buong pangalan)
naninirahan sa _____
(adres ng tirahan),
ay nanunumpa sang-ayon sa batas na:

1. Ako ay _____ ng _____
(posisyon) (departamento/institusyon/opisina)
ng Unibersidad ng Pilipinas O ako ay naglilingkod sa Unibersidad ng Pilipinas sa ilalim ng isang job order o bilang isang independent contractor (angkop na deskripsiyon) at at isinasakatuparan ko ang kasunduang ito sang-ayon sa kapakanan ng SISTEMANG UNIBERSIDAD NG PILIPINAS (“UP”).
2. Sa panahon ng paglilingkod sa UP, maaaring nagkaroon ako ng akses sa o nakakita ng impormasyong kumpidensiyal na nasa pangangalaga ng, o pinananatili ng Sistemang UP na kinabibilangan ng impormasyong kumpidensiyal ng mga tanggapan ng System and Constituent University, ng mga mag-aaral, mga kawani, mga katuwang o katulong sa pananaliksik, o iba pang ikatlong partido. Ang impormasyong kumpidensiyal ay impormasyon na makatwirang nauunawaan bilang kumpidensiyal tulad ng impormasyong di-pampubliko ukol sa isang tao o entidad na kung ibubunyag ay maaaring maglalagay sa tao o entidad sa panganib ng pananagutang krimen o sibil, o magdudulot ng pinsala sa interes o katayuang pinansiyal, kakayahan sa empleo, pagiging pribado o reputasyon at iba pa. Kung kaya ang pag-akses dito ay limitado lamang sa mga nangangailangan nito upang magampanan ang kanilang tungkulin, nakasulat man o hindi ang impormasyon o nasa anyong materyal na maaaring minarkahan ng kumpidensiyal o hindi. Kabilang dito ang sumusunod ngunit hindi limitado sa:
 - a. impormasyong personal na itinakda sa ilalim ng Data Privacy Act (DPA) ng Pilipinas. Ito ay anumang impormasyong naitala sa anyong materyal o hindi, kung saan makikita ang pagkakakilanlan ng isang indibidwal o maaaring tuwiran at direktang matukoy ang entidad ng isang indibidwal, o kapag isinama sa iba pang impormasyon ay direkta at tiyak na matutukoy ang isang indibidwal hal. adres ng tirahan at iba pang mga detalye sa kontak ng mga mag-aaral, mga kawani o mga indibidwal na mayroong kontrata sa UP.
 - b. sensitibong impormasyong personal na itinakda sa ilalim ng DPA na may impormasyong personal
 - (1) Tungkol sa lahi ng isang indibidwal, pinagmulang etniko, marital na istatus, edad, kulay ng balat, at kinabibilangang relihiyon, pilosopiya o politika;
 - (2) Tungkol sa kalusugan ng isang indibidwal, edukasyon, henetiko o seksuwal na buhay ng isang tao, o sa anumang paglilitis para sa anumang pagkakasala o paratang na ginawa ng natukoy na tao, ang pasiya sa naturang paglilitis, o ang hatol ng anumang korte sa naturang paglilitis;
 - (3) Mula sa mga ahensiyang pampamahalaan na natatangi sa isang indibidwal na kabibilangan ngunit hindi limitado sa, mga social security number, mga nakalipas o kasalukuyang talang pangkalusugan, mga lisensiya o di-pagkaloob nito, suspensyon o pagkawalang-bisa nito, at mga ulat sa buwis; at
 - (4) Tiyak na itinatag sa pamamagitan ng kautusang tagapagpaganap (executive order) o isang batas sa Kongreso na kailangang panatilihing lihim.
 - c. Tinutukoy na *Impormasyong Pribilehiyado* ang lahat at anumang datos na sa ilalim ng Tuntunin ng Korte at iba pang may kaugnay na batas ay binubuo ng pribilehiyadong komunikasyon
 - d. impormasyong propiyetaryo tulad ng mga lihim ng kalakalan, kumpidensiyal na datos ng saliksik, mga impormasyon na kung ibubunyag ay magdudulot ng pagkapinsala ng intelektuwal na karapatang-ari

- e. impormasyong kumpidensiyal na tumutukoy sa pangangasiwa sa UP tulad ng katitikan ng mga pulong, mga internal na ulat, mga internal na memorandum, mga borador ng mga desisyon gayundin ang iba pang impormasyong hindi sakop sa karapatan sa kalayaan sa impormasyon sa ilalim ng IRR ng RA 6713.
 - f. Mga username, password, access code, at mga katulad
 - g. impormasyong kumpidensiyal sa ilalim ng iba pang angkop na batas
 - h. impormasyong nakuha ng Unibersidad mula sa ikatlong partido sa ilalim ng kasunduang di-pagbubunyag o anumang kontrata na nagtatalaga sa impormasyong mula sa ikatlong partido bilang kumpidensiyal.
3. Nanunumpa ako na:
- a. magpoproseso at magsasagawa lamang ng mga operasyon gamit ang impormasyong kumpidensiyal kabilang na, ngunit hindi limitado sa akses, koleksiyon, reproduksiyon, pagtatala, organisasyon, pag-iimbak, pagsasapanahon o modipikasyon, muling pagkuha, konsultasyon, paggamit, pagbubunyag, konsolidasyon, pagharang, pagbura o pagsira kung ito ay kailangan lamang upang magampanan ang aking mga tungkulin at ang pagpoproseso ay pinahihintulutan sa ilalim ng mga kaugnay na batas tulad ng DPA at ng Kodigo ng Asal at Pamantayang Etikal ng mga Pamublikong Opisyal at Kawani (Code of Conduct and Ethical Standards for Public Officials and Employees).
 - i. Sa ilalim ng DPA, ang pagpoproseso ng impormasyong personal ay pahihintulutan lamang kung hindi ipinagbabawal ng batas, at kung umiiral ang higit sa isa sa sumusunod na kondisyon:
 - (a) Ang may-ari ng datos (data subject) ay nagbigay ng kaniyang pahintulot;
 - (b) Ang pagpoproseso ng impormasyong personal ay kailangan at may kaugnayan sa pagtupad sa isang kontrata na kasama ang may-ari ng datos o upang maisagawa ang mga hakbang ayon sa kahilingan ng may-ari ng mga datos bago pumasok sa isang kontrata;
 - (c) Ang pagpoproseso ay kailangan para sa pagtupad sa mga legal na obligasyon kung saan sumasailalim ang tagapangasiwa ng impormasyong personal (personal information controller);
 - (d) Ang pagpoproseso ay kinakailangan upang protektahan ang mahahalagang interes ng may-ari ng datos, kabilang na ang buhay at kalusugan;
 - (e) Ang pagpoproseso ay kinakailangan upang tumugon sa kagipitang pambansa, tumupad sa mga kahingian ng pamublikong kaayusan at kaligtasan, o gampanan ang mga tungkulin bilang pamublikong awtoridad na tiyak na kabibilangan ng pagpoproseso ng mga personal na datos alang-alang sa pagtupad ng mandato nito; o
 - (f) Ang pagpoproseso ay kailangan para sa mga layunin ng mga lehitimong interes na itinataguyod ng tagapangasiwa ng impormasyong personal o ng ikatlong partido kung kanino naibunyag ang datos, maliban kung ang nabanggit na interes ay napapawalang-bisa ng mga pundamental na karapatan at kalayaan ng may-ari ng datos na nangangailangan ng proteksiyon sa ilalim ng Konstitusyon ng Pilipinas.
 - ii. Sa ilalim ng DPA, ang pagpoproseso ng sensitibong impormasyong personal at impormasyong pribilehiyado ay ipinagbabawal, maliban sa sumusunod na mga pagkakataon:
 - (a) Ang may-ari ng datos ay nagbigay ng kaniyang pahintulot para sa tiyak na layunin bago ang pagpoproseso, o sa kaso ng pribilehiyadong impormasyon, ang lahat ng partido na kabilang sa palitan ng impormasyon ay nagbigay ng kanilang pahintulot bago pa ang pagpoproseso;
 - (b) Ang pagpoproseso ng pareho ay nakatadhana sa mga umiiral na batas at regulasyon: Sa kondisyon na, Ang ganoong mga batas panuntunan ay ginagarantiya ang proteksiyon sa mga sensitibong impormasyong personal at impormasyong pribilehiyado: Higit pa, sa kondisyon na, Ang pahintulot

ng mga may-ari ng datos ay hindi hinihingi ng batas o ng regulasyon na nagpapahintulot sa pagpoproseso ng mga sensitibong impormasyong personal o ng impormasyong pribilehiyado;

- (c) Ang pagpoproseso ay kinakailangan upang protektahan ang buhay at kalusugan ng may-ari ng datos o iba pang tao, at ang may-ari ng datos ay hindi legal o pisikal na makapagbibigay ng kaniyang pahintulot bago ang pagpoproseso;
 - (d) Ang pagpoproseso ay kinakailangan upang makamit ang mga layuning legal at di-komersiyal ng mga pampublikong organisasyon at ang kanilang mga asosasyon: *Sa kondisyon na*, Ang ganoong pagpoproseso ay mananatili at kaugnay lamang sa mga tunay (*bona fide*) na miyembro nitong mga organisasyon o ng kanilang mga asosasyon: Higit pa, *sa kondisyon na*, Ang sensitibong impormasyong personal ay hindi ibinigay sa ikatlong partido: At panghuli, *sa kondisyon na*, Ang pahintulot ng may-ari ng datos ay nakuha bago ang pagpoproseso;
 - (e) Ang pagpoproseso ay kailangan para sa mga layuning medikal na paggagamot, na isinasagawa ng isang medikal na praktisyoner o ng isang institusyon ng medikal na paggagamot at tinitiyak na may sapat na antas ng proteksiyon sa impormasyong personal; o
 - (f) Ang pagpoproseso ay hinggil sa mga impormasyong personal na kinakailangan para sa proteksiyon ng mga karapatan at kapakanan sa ilalim ng batas ng natural o legal na katauhan sa paglilitis sa korte, o sa pagpapatunay, pagpapatupad o pagtatanggol ng karapatang legal, o kung ipinagkaloob ng pamahalaan o ng pampublikong awtoridad.
- b. kokonsulta at hihingi ng patnubay mula sa mga kaugnay na tanggapan ng Unibersidad sa pagkakataong hindi ako tiyak kung awtorisado akong magproseso o magsagawa ng mga operasyon (akses, paggamit ng kopya, pagbunyag at iba pa ayon sa nakasaad sa 3.a. sa itaas) kaugnay sa impormasyong kumpidensiyal.
 - c. tutuparin ang kinakailangang hakbang upang mabantayan ang kumpidensiyalidad ng naturang impormasyon sa pamamagitan ng paghahadlang sa di-awtorisadong pagpoproseso ng naturang impormasyon mula sa iba tulad ng pagla-lock o pagla-log off sa kompiyuter kung hindi ginagamit, hindi pag-alis sa opisina nang walang nagbabantay o hindi nakasara, pagpapatatili ng pisikal na kopya ng mga Impormasyong Kumpidensiyal sa isang ligtas na lugar (hal., nakakandadong drawer o kabinet) kung hindi ito ginagamit, pagpupunit-punit sa mga pisikal na kopya kung hindi na kailangan alinsunod sa mga tagubilin ng kinauukulan, patakaran ng Unibersidad, o anumang naaangkop na kasunduan sa kontrata o batas.
 - d. ipaalam ang anumang di-awtorisado o di-sinasadyang pagpoproseso ng Impormasyong Kumpidensiyal sa tamang tanggapan.
 - e. ipaalam ang labag sa batas o di-sinasadyang pagpoproseso ng impormasyong personal o sensitibong impormasyong personal sa kinauukulang puno ng opisina at opisyal na tagapangasiwa ng datos.
 - f. ibabalik at/o sisirain ang lahat ng Impormasyong Kumpidensiyal at gumawa ng angkop na sertipikasyon kaugnay sa pagbalik at/o pagsira ng naturang impormasyon kung hiniling ng UP na gawin ito.
 - g. susunod sa lahat ng mga patakaran at panuntunan ng Unibersidad na naaangkop sa Impormasyong Kumpidensiyal tulad ng UP System Acceptable Use Policy for Information Technology Resources of the UP System.
 - h. hindi ako kikilos para sa pansariling pakinabang o sa ikasisira ng Unibersidad batay sa Impormasyong Kumpidensiyal kung saan ako ay mayroong akses o nasa aking pangangalaga.
4. Sumasang-ayon ako na ang aking mga obligasyon alinsunod sa kasunduang ito ay nauukol sa Impormasyong Kumpidensiyal na nakuha o may akses ako noong nagsimula ang aking paglilingkod sa Unibersidad at ang mga naturang obligasyon ay mananatili sa panahon ng aking panunungkulan/pakikipag-ugnayan sa Unibersidad.
 5. Sumasang-ayon ako na kung mayroon na akong isinagawang kasunduan ukol sa kumpidensiyalidad o di-pagbubunyag o kasunduang pabor sa UP ay idadagdag na lamang ang nilalaman nito sa naunang kasunduan.

6. Nauunawaan ko na ang hindi pagsunod sa kasunduang ito ay maaaring maging dahilan upang gumawa ang UP ng angkop na disiplinaryo o legal na aksiyon laban sa akin. Batid ko rin na ang DPA ay nagtatakda ng parusang kriminal (pagkabilanggo at pagmumulta) para sa di-awtorisadong pagpoproseso ng impormasyong personal at sensitibong impormasyong personal.

BILANG PAGPAPATUNAY, ako ay lumagda sa Kasunduang ito ngayong _____
(petsa),
sa _____, Pilipinas.

PANGALAN AT LAGDA

SAKSI:

PANGALAN AT LAGDA

SUBSCRIBED AND SWORN to before me this ____ day of _____, affiant exhibiting to me his/her government issued identification card: PGH ID# _____.

Deputy Director for Administration
Authorized to Administer Oath
(Sec. 52 P.D. 807)